# PINARES-PINAS: Pananaw at Pagpapahalaga ng mga Pilipino sa Sining Biswal

John A. Amtalao[1], Deborrah S. Anastacio[2], Israel D.C. Saguinsin[3], Kriztine R. Viray[4], at Dr. Ernesto V. Carandang II[5]

[1] *De La Salle University-Manila*
[2] *De La Salle University-Manila*
[3]*Bulacan State University*
[4]*Polythecnic University of the Philippines,Manila*
[6] *De La Salle University-Manila*

**Abstrak:** Ang PINARES (PINta-ARkitektura-ESkultura) ay bahagi ng masining na pamumuhay ng isang lipunan. Itinuturing na mabisang daluyan ng ekspresyon ng mga ideya, nararamdaman, interpretasyon ng pangyayari at danas ng indibidwal at komunidad. Walang unibersal na kahulugan ang sining. Iba-iba ang lebel ng pagpapahalaga at pagtingin sa sining na naaapektuhan nang malaki ng konteksto ng lipunan kung saan ito nililikha at tinatangkilik. Sa Pilipinas, mababatid na maraming isyu ang umuusbong hinggil sa pagpapahalaga nito. Ayon kay Guillermo, may tatlong salik na nakaapekto sa hindi pagkakapantay-pantay ng lipunang Pilipino pagdating sa sining— 1) Estado sa lipunan at ang pagkakaiba ng edukasyon at oportunidad; 2) Pagkakaiba ng lungsod at probinsya; at
3) Pluralistikong karakter ng lipunang Pilipino. Sa kabuuan, malaki ang epekto ng estado sa lipunan at heograpikong lokasyon sa pagpapahalaga ng sining sa bansa. Ginamit ng mga mananaliksik ang mga nabanggit na mga salik bilang konseptwal na saligan sa pagtakay sa problemang kinahaharap ng sining-biswal ng Pilipinas. Sa tulong ng mga datos mula sa mga umiiral na pananaliksik, estadistika, at sarbey na ipinadala sa mga piling guro at mag-aaral, natukoy ng mga mananaliksik na ang sining ay pang-elitista dahil sa mataas na halaga nito sa auction houses. Gayundin, natagpuang kulang sa kasanayan at kaalaman ang mga guro na nagtuturo sa sining at sanhi na rin ng pagbaba ng interes ng mag-aaral pagdating sa pinta, arkitektura, at eskultura. Maliban dito, mababa naman ang kasalukuyang bilang ng mga museo lalo na sa mga probinsya na mahalaga sa pagpapanatili ng kultura, tradisyon, at identidad ng mga Pilipino.

**Mga Susing Salita:** Sining biswal; Pinta; Arkitektura; Eskultura; Pananaw; Pagpapahalaga

## 1. PANIMULA

Iba-iba ang lebel ng pagpapahalaga at pagtingin sa sining na naaapektuhan nang malaki ng konteksto ng lipunan kung saan ito nililikha at tinatangkilik. Kaya naman masasabing walang unibersal na kahulugan ang sining. Isa ang sining-biswal sa sinasabing pinakamahal sa lahat ng mga porma ng sining. Mataas ang presyo ng sining-biswal partikular na ang mga likha ng tanyag na personalidad. Bunsod nito, halos ang mga nabibilang sa mataas na estado sa lipunan ang kalimitang may kakayahang magmay-ari ng mga likhang ito.

Masasabing elitista ang sining biswal dahil sa mga sumusunod na dahilan:

Sa taong 2015 sa Pilipinas, umabot sa 21.6% ang populasyon na nasa ilalim ng national poverty line kung saan 8.3 % ng mga nagtatrabahong populasyon ang may kakayahan lamang na bumili ng mas mababa sa $1.89 (ADB). Mas nakatuon ang mga taong nabibilang sa mababang estado sa lipunan na kumita ng pera upang makabili ng makakain sa halip na pagtuunan ng panahon ang sining biswal. Kabalintunaan ito ng mga mayayaman na may kakayahang maglaan ng panahon sa pag-aaral, pagnanamnam, at pagkolekta sa mga sining biswal.

Samantala, patuloy namang minamanipula ang presyo ng sining biswal ng mga auction house, kolektor, at gallery. Ang auction house ang nagsisilbing tagapag-ugnay sa mga alagad ng sining at bumibili. Madalas na mataas na presyo naibebenta ang mga obrang sining biswal. Sa Pilipinas, ilan lamang sa mga auction house ang Leon Gallery at Salcedo Auction (Santiago at Palanca-Tan 2015). Taong 2018 naibenta sa Salcedo Auctions ang boceto o study ng Spoliarium ni Juan Luna sa halagang Php 73,584,000 (kasama ang tax). Nagsimula sa Php 25 milyon ang nasabing boceto. Kasabay nito ang Carroza (1988) ni Mauro Malang Santos na naibenta ng Php 9,344,000 mula sa estimate na Php 3,800,000; Stripes Series 3 (1973) ni Ronald Ventura naibenta ng Php 10,512,000 mula sa estimate na Php 3,300,000; at La Familia ni BenCab naibenta ng Php 8,176,000 mula sa estimate na Php 3,800,000 (Soliman par. 4). Ilan sa pinakamahal na naibenta ang Two Faces of Villafernandina (1970) ni Jose Joya na may estimate na Php 10 milyon at naibenta ng Php 11,680,000. Patuloy ring tumataas ang halaga ng mga obra nina Juan Luna, Felix Resurrecion Hidalgo, Mauro Malang, Fernando Amorsolo, Guillermo Tolentino, Napoleon Abueva, HR Ocampo, Ang Kiukok, Fernando Zobel, Federico Alcuaz, Benedicto Cabrera, Vicente Manansala, at iba pa. Mga patunay lamang ito na ang sining biswal ay isang sining na hindi kayang bilhin ng isang ordinaryong manggagawa. Ibig sabihin ang sining na ito ay isang sining pang-*elite* (Adam Kirsch and Liesl Schillinger 2017).

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang kalagayan ng sining biswal sa antas panlipunan, sa edukasyon, at sa kung paano ito pinahahalagahan sa iba't ibang probinsya sa Pilipinas.

## 2. METODOLOHIYA

Ginamit ng mga mananaliksik ang konseptwal na balangkas sa sining biswal ni Alice Guillermo (2016) bilang pagsisid sa mga pananaw at pagpapahalaga ng mga Pilipino hinggil sa pinta, arkitektura, at eskultura. Ayon kay Guillermo, may tatlong salik na nakaapekto sa hindi pagkakapantay-pantay ng lipunang Pilipino pagdating sa sining— 1) Estado sa lipunan at ang pagkakaiba ng edukasyon at oportunidad; 2) Pagkakaiba ng lungsod at probinsya; at 3) Pluralistikong karakter ng lipunang Pilipino. Sa pangangalap ng datos, isinagawa ang online sarbey sa mga piling guro ng sining at mga mag-aaral mula sa NCR, CAR, Rehiyon I, at Region XII. Nagsagawa rin ng documentary analisis sa mga umiiral na datos at estadistika na nakalimbag na impormasyon sa mga pahayagan, internet, at datos mula sa National Commission for Culture and the Arts o NCCA, Philippine Statistics Authority (PSA), at United Nations Children's Emergency Fund (UNICEF).

## 3. RESULTA AT DISKUSYON

### 3.1 *Edukasyon*

Karapatan ng bawat isa ang makapag-aral sa larangan ng sining. Bahagi ng kurikulum ng mga paaralan sa bansa ang pag-aaral ng iba't ibang sining mula elementarya hanggang kolehiyo. Sa isinagawang sarbey ng mga mananaliksik kung saan 139 na mag-aaral at 48 na guro ang tumugon, 92 (66.2%) na mag-aaral ang nagsasabing lubos na naniniwala sa kahalagahan ng pag-aaral ng sining biswal sa bansa at 38 (79.2%) ang naniniwala na mahalaga na pag-aralan ang sining biswal. Gayunpaman, may mga kinahaharap pa rin itong mga pagsubok na siyang nakakaapekto sa pag-aaral ng sining biswal.

Ayon sa multidimensional poverty statistics ng Philippine Statistics Authority, ang dimensyon ng edukasyon ang may pinakamalaking kontribusyon sa pangkalahatang pinagkait sa mga Pilipino na may 36.5 % at 36.9% noong 2016 at 2017 (PSA). Sinukat ito sa pamamagitan ng attendance sa paaralan at educational attainment. Sinusugan ito ng report ng

United Nations International Emergency Fund (UNICEF) na sinasabing 2.5 milyong mga batang nasa edad 5 hanggang 6 ang hindi na nag-aaral (UNICEF, *Situation Analysis* 2016) na may pangunahing mga dahilan na kawalan ng interes, pagkakasakit, at mahal na edukasyon (UNICEF, *Child Poverty* 2015). Bunsod nito, nawawalan ng pagkakataong matutunan ng mga bata ang sining biswal dahil sa problema sa limitado o kawalan ng akses sa edukasyon.

Sa elementarya hanggang ikasampung baitang ng sekondarya natatalakay ang sining kasama ng *music, health,* at *physical education* na mas kilala sa tawag na M.A.P.E.H. Kung tutuusin, bahagi lamang ang pagtalakay sa sining ng isang asignaturang binubuo ng maraming disiplina.

### *3.2 Kasanayan ng Guro*

Mahalaga ang kasanayan ng guro sa isang asignatura upang makasigurado sa kalidad ng sabjek na kaniyang ituturo. Mula sa isinagawang sarbey ng mga mananaliksik, 40 (83.3%) sa 48 na guro ang nagsasabing lubos na naniwala na mahalaga ang pagtuturo ng sining biswal. Kung saan 27 (56.3%) ang hindi gaanong sumasang-ayon na may sapat na programa ang pamahalaan upang ihanda ang guro sa pagtuturo ng sining biswal at 9 (18.8%) ang hindi sumasangayon dito. Nakapagtala mula 2004 hanggang 2016 ang CHED ng 1,261,494 na nakapagtapos na may kinalaman sa disiplina sa kultura at sining ayon sa NCCA sa kanilang Bilang Filipinas: *A Primer on Philippine cultural statistics* (Samodio 2017). Ngunit hindi lamang nakatuon ang programa ng NCCA sa edukasyon at pagpapahalagang pangsining dahil ang nabanggit na bilang ay sumasaklaw sa malawak na disiplina gaya ng "Architecture and Town Planning, Fine and Applied Arts; Humanities, IT-related Disciplines; Mass Communication and Documentation; Religion and Teology; Social and Behavioral Sciences; and, trade, Craft and Industrial; and Engineering and technology; General; Service trades". Maipagpapalagay kung susuriing mabuti na mapanlinlang ang bilang na ito, bagaman may suporta mula sa pamahalaan sa pagbibigay-pansin sa edukasyong may kaugnayan sa sining biswal wala namang estadistika sa bilang ng mga nakapagtapos at nakagawa ng aplikasyon sa pagtuturo ang mga programang ito ng NCCA.

Sa isang pag-aaral sa piling pampublikong paaralan sa Cotabato, ang ilang nagtuturo ng MAPEH ay hindi talaga kumuha ng pagpapakadalubhasa sa asignaturang ito at nahihirapang ituro ng karamihan ang sining dahil sa kakulangan sa pasilidad, pagsasanay, at pagsasangguniang materyales (Samillano 2017). Samantala, sa kasalukuyang kurikulum ng senior high school mayroong Arts and Design track sa kabuuang 5,899 na pampublikong paaralan na mayroong senior high school. Mula rito 113 na paaralan ang maglalaan ng espesyalisasyon para sa arts and design para sa tinatayang humigit kumulang nasa 10,000 na mag-aaral (Geronimo 2015). Malaki pa ring problema ito sapagkat hindi lahat ng guro ay kwalipikadong magturo ng *arts and design*. Mababa din ang pagtanggap sa *track* na ito kumpara sa ibang inaalok na *track* kaya nangangailangan ng mas malawakang suporta sa komunidad (Samodio 2017).

### *3.3 Pagkakaiba ng Lungsod at Probinsya hinggil sa pagtingin sa PINARES*

Ang kakulangan ng mga museo bilang sisidlan ng etnikong / tradisyonal na mga sining ay isang suliraning kaugnay ng kalinangang bayan. Nagbubunsod ito ng unti-unting pagtakwil ng sariling identidad na humahantong sa masalimuot na pagkalimot sa kultura, pagpapahalaga, at katauhang nanalaytay sa nauna nang henerasyon ng lahi.

Sa pinakahuling tala ng Pambansang Komisyon sa Kultura at Sining (NCCA) may mahigit 18 museo sa buong Pilipinas, ito ay ang sumusunod: Magsingal Branch (Magsingal, Ilocos Sur), Padre Burgos House (Vigan, Ilocos Sur) Kiangan Branch (Kiangan, Ifugao), Kabayan Branch (Kabayan, Benguet) Tenongchol Rock Shelter (Kabayan, Benguet), Timbak Caves (Kabayan, Benguet) Bolinao Branch (Bolinao, Pangasinan), Angono Petroglyphs Site (Binangonan, Rizal), Bicol Branch (Tabaco, Albay), Boac Branch (Boac, Marinduque) Palawan Branch (Quezon, Palawan), Tabon Cave Complex (Lipuun Point, Palawan), Cebu Branch (Museo sa Sugbu, Cebu City), Bohol Branch (Tagbilaran, Bohol), Butuan Branch (Doongan, Butuan City), Balanghai Shrine (Libertad, Butuan City), Zamboanga Branch (Fort Pilar, Zamboanga City) Jolo Branch (Jolo, Sulu). Kapansin-pansin matatagpuan ang halos lahat ng ito sa sentro ng

bawat bayan at bihira ang kumakatawan sa liblib o hindi sentro ng bayan o lungsod.

Ang pag-aaruga ng mga museong lagakan ng iba't ibang uri ng sining ay isang manipestasyon na mayroong malasakit ang isang bayan sa kaniyang mga likha na kumakatawan sa kanilang identidad. Gayunpaman, sa pagbanggit ni Foronda sa Perez at Templanza (2012) upang magkaroon ng kalinangang bayan kailangang magkaroon ng museo sa bawat bayan (lalo na ang mga lalawigang buhay na buhay ang mga awtentikong kultura). Makakatulong ito upang mapasidhi at maiwasan ang pagkabura sa mga sining nito na nakapag-aambag sa panlipunang kamalayan. Mapapansing ang ilan sa mga malalaki ring mga probinsya na nagtataglay ng mga sining ay wala pang museo tulad ng Kalinga at Mt. Province ng Cordillera. Gayundin, ang South Cotabato, at Iligan ng Mindanao

## 4. KONGKLUSYON

Magkakaugnay ang mga kinakaharap na problema sa bansa na nakaapekto sa pagtangkilik at pagpapahalaga sa sining. Malaki ang epekto ng pinansyal. Una sa akses sa sining biswal at ikalawa sa edukasyon. Malaki ang epekto ng kahirapan sa interes sa pagpasok sa paaralan ng mga estudyante. Malaki rin ang gampanin ng pamahalaan sa implementasyon at patuloy na paglikha ng mga programang makakapag-akit sa mga estudyanteng patuloy na pumasok at mga guro na patuloy na linangin ang kanilang sarili, sa unang banda. Sa kabilang banda, malaki ang responsibilidad ng mga guro sa kalidad ng edukasyon na maibibigay sa mga estudyante. Subalit, malaki ang epekto ng kakulangan sa programa ng pamahalaan sa paghahanda sa mga guro. Kaya sa kakulangan ng pamahalaan mas bumibigat ang responsibilidad ng mga guro na gumawa ng paraan upang ihanda ang kanilang sarili o kundi man nasasakripisyo ang kalidad ng edukasyon na maibibigay sa mga mag-aaral.

## 5. MGA SANGGUNIAN

Adam Kirsch and Liesl Schillinger. (2017, April 13). "Which force is more harmful to the arts: Elitism or Populism", *The New York Times*, Nakuha Pebrero 13, 2019 mula sa https://www.nytimes.com/2017/04/13/books/review/which-force-is-more-harmful-to-the-arts-elitism-or-populism.html.

Calipay, Connie. (2018, October 30). NCCA promotes tribe, culture, and heritage. *Philippine News Agency*. Nakuha Pebrero 15, 2019 mula sa http://www.pna.gov.ph/articles/1052404

Editorial Board. (2011, April 6) "Ronald Ventura's Grayground Painting Sold for P46.9 Million at Sotheby's Auction", *Philippine News.* Nakuha Enero 29, 2019 mula sa https://philnews.ph/2011/04/05/ronald-venturas-grayhound-painting-sold-for-p46-9-million-at-sothebys-auction/

Geronino, Jee. (05 Mayo 2015). "K to 12 promises arts and sports programs in every province". *Rappler*. Nakuha Enero 23, 2019 mula sa https://www.rappler.com/nation/92235-k12-arts-sports-programs-every-province

Gomez, Luis Angeli S. (2002, Nobyembre). Indigenous art of the Philippine Exposition of 1887: Arguments for an Ideological and Social Battle. Journal of History Collection 14 no. 2. Nakuha Enero 29, 2019 mula sa .https://www.researchgate.net/publication/39660277_Indigenous_art_at_the_Philippine_Exposition_of_1887_Arguments_for_an_ideological_and_racial_battle_in_a_colonial_context

Mateo, Francesca. (2016, Disyembre 16) Challenging Filipino Colonial Mentality with Philippine Art. University of San Francicsco. Nakuha Enero 29, 2019 mula sa https://repository.usfca.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1250&context=thes

Occenno, Samuel. (2017). THE OTHERING OF THE OTHERS: The Indigenous in Contemporary. Visual Art Practices in the Philippines. Arts and Culture: Heritage, Practices and Futures.

Perez, Martin Julius V. at Templanza, Mariel. (2012, May 31). Local studies centers: transforming history, culture and heritage in the Philippines. Paper presented at World and

Library Information Congress: 78th IFLA Genreal Conference and Assembly. Nakuha Pebrero 12, 2019 mula sa http://conference.ifla.org/ifla78.

Philippine Statistics Authority. (2018, November 1). Nakuha Enero 25, 2019 mula sa https://psa.gov.ph/poverty-press-releases/nid/136930.

Samillano, Joseph. Competency Among MAPEH Teachers in Teaching Performing Arts in Selected Public Secondary Schools in North Cotabato. Undergraduate Theses. University of Southern Mindanao. Unpublished. Nakuha Enero 24 2019 mula sa www.academia.edu/11417973/Competency_Among_MAPEH_Teachers_in_Teaching_Performing_Arts_in_Selected_Public_Secondary_Schools_in_North_Cotabato.

Samodio, Glorife. (2017). *Nurturing Filipino Creativity: Philippine Education Policies in Support of the Creative Industries.* International Journal of Cultural and Creative Industries, 5 (1, 2) 04-21. Nakuha Enero 24, 2019 mula sa www.ijcci.net/index.php?option=module&lang=en&task=pageinfo&id=245&index=3.

Santiago, Joseph Sedfrey at Rosalina Palanca-Tan (2015). "Auctions and the Poorer Rich: The Impact of the 2015 Stock Market Sell- off on the Emerging Philippine Art Market", *Southeast Asian Studies*, 7 (2), 183-197.

Scott, Timberg. (2014, Pebrero 6). "Are the arts only for the rich?", *Culture Crash: An Arts Journal.* Nakuha Enero 24, 2019 mula sa http://www.artsjournal.com/culturecrash/2014/02/are-the-arts-only-for-the-rich.html

UNICEF. (2016). Situation Analysis of Children in the Philippines. Nakuha Enero 27,2019 mula sa https://www.unicef.org/philippines/UNICEFSituationAnalysisSummary.pdf?fbclid=IwAR3l3SYydLGusS_FjiH1TSK2k1iROUP1mhFNTQ_-hedHQofpXjbXqvndyq0.

UNICEF. (2015, Enero). Child Poverty in the Philippines. Nakuha Enero 27, 2019 mula sa https://www.unicef.org/philippines/reports/child-poverty-philippines.